(d) ANNEX "D" - Blotter Report na may petsang May 12, 2023 para sa diumanong pag-amin ni Kagawad Jose Sacdalan sa harap nina Police Corporal Jeremy Agustin at Police Staff Surgent Gerry Benedicto para sa di-umanong akmang paghampas nito kay Kagawad Laurencio Dela Cruz.

(e) ANNEX "E" - Minutes ng regular session na ginanap noong April 22, 2023 sa Bulwagang Barangay ng Atlag kung saan isa mga nagpag-usapan ay ang diumanong palpak na pagkakagawa ng kalsada sa Sevilla St. at naging dahilan ng pagtatalo nina Kagawad Laurencio Dela Cruz at Kagawad Jose Sacdalan.

**SAPAGKAT**, noong ika-30 ng Mayo 2023, nag-isyu ng patawag ang Sangguniang Panlungsod na may tagubilin na si Kagawad Jose Sacdalan ay magsumite ng sinumpaang kasagutan patungkol sa kasong isinampa laban sa kaniya;

**SAPAGKAT**, noong ika-09 ng Hunyo 2023, nagsumite ng sinumpaang kasagutan si Kagawad Jose Sacdalan at kaniyang pinabulaanan ang mga paratang laban sa kaniya, gayundin, kaniyang isinalaysay ang mga sumusunod:

(a) Naging usapin sa pangkaraniwang pagpupulong ang hindi maayos na pagkakagawa ng kalsada sa Sevilla St., at dahil sa mainit na diskusyunan ay dinuro at minaliit ni Kagawad Laurencio Dela Cruz si Kagawad Jose Sacdalan na naging dahilan upang si Kagawad Jose Sacadalan ay mapahawak sa isang upuan.

(b) Maliban sa barangay blotter report, walang ebidensiya sina Vanessa Dela Cruz at Virginia Mendoza sa kanilang mga reklamo, at para sa kapakanan ng argumento, ngunit hindi pag-amin, sina Vanessa Dela Cruz at Virginia Mendoza ay mga "aggressor" na sa tuwing magtatagpo ang landas nila, sina Vanessa Dela Cruz at Virginia Mendoza ay ang nauunang gumawa ng dahilan upang makapagsabi ng mga salita si Kagawad Jose Sacdalan.

**SAPAGKAT**, ang mga sumusunod ay ang mga ebidensiyang kaniyang inalakip sa sinumpaang kasagutan:

(a) ANNEX "1" - Minutes ng regular session na ginanap noong April 22, 2023 sa Bulwagang Barangay ng Atlag kung saan isa mga nagpag-usapan ay ang di-umanong palpak na pagkakagawa ng kalsada sa Sevilla St. at naging dahilan ng pagtatalo nina Kagawad Laurencio Dela Cruz at Kagawad Jose ngunit ang di-umanong pag-amba ng monobloc na upuan ay hindi nabanggit dito.

(b) ANNEX "2" - Blotter Report na may petsang May 12, 2023 para sa diumanong pagmumura at panduduro ni Virginia Mendoza kay Kagawad Jose Sacdalan.

(c) ANNEX "3" - Blotter Report na may petsang June 01, 2023 para sa di-umanong pagsugod nina Virginia Mendoza, Joselito Mendoza, at Laurencio Sacdalan sa Barangay Hall ng Atlag habang nagpapa-blotter si Kagawad Jose Sacdalan. Gayundin, diumano ay hinamon ni Joselito Mendoza si Kagawad Jose Sacdalan at di-umano ay sinabihan ni Virginia Mendoza ng immoral si Kagawad Jose Sacdalan.

**SAPAGKAT**, noong ika-10 ng Hulyo 2023, nagsagawa ng pagdinig (Public Hearing) ang Lupon at nahayag ang mga sumusunod:

(a) Nagbigay ng testimonya si Punong Barangay Danilo Clavio patungkol sa diumanong pagtatalo nina Kagawad Laurencio Dela Cruz at Kagawad Jose Sacdalan. Ayon sa kaniya, hindi nagkaron ng pagkakaunawan sina Kagawad Laurencio Dela Cruz at Kagawad Jose Sacdalan dahil sa sinabi ni Kagawad Laurencio Dela Cruz kay Kagawad Jose Sacdalan na palpak ang kalsadang ginawa.

(b) Gayundin, nagbigay ng testimonya si Barangay Secretary Liza Kaye Roxas. Ayon sa kaniya, nagkaron ng diskusyunan sa pagitan ni Kagawad Laurencio Dela Cruz at Kagawad Jose Sacdalan patungkol sa ginawang kalsada sa Barangay Atlag. Dahil sa mga salitang binitiwan ni Kagawad Laurencio Dela Cruz na hindi nagustuhan ni Kagawad Jose Sacddalan, siya ay napahawak sa upuan ngunit hindi naman ito inangat upang ihampas.

**SAPAGKAT**, noong ika-25 ng Hulyo 2023, nagsagawa ng pagpupulong (Committee Meeting) ang Lupon at nahayag ang mga sumusunod;

(a) Para sa alegasyong oppression at grave abuse of authority, ayon sa Korte Suprema sa kasong Office of the Ombudsman vs. Cynthia Caberoy, G.R. No. 188066, October 22, 2014:

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI | KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI | KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI | KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI | KGG. VICTORINO M. ALDABA III, KASANGGUNI | KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI

